

## Mga Sintoma ng Mababang Asukal sa dugo (hypoglycemia)

**Mga sanhi:** Napakakulang sa pagkain, mahigit sa limang oras pagkatapos ng huling kain, nasobrahan sa insulin o gamot para sa diabetes, nasobrahan sa pagkikilos o paginom ng alak.

**Simula:** Biglaan. Maaaring mahimatay kapag hindi nagamot agad.

**Asukal sa dugo:** Mas mababa sa 70 mg/dl

### Mga sintoma



Panginginig



Pamamawis



Mabilis na tibok ng puso



Pananakit ng ulo



Gutom



Panghihina, Pagod



Napinsalang Paningin



Balisa



Iritable



Pagkahilo

### Inirerekumandang Aksyon




Suriin ang asukal sa dugo.



Kung mas mababa sa 70, uminom ng kalahati hanggang isang tasa ng juice, skim milk, o regular na softdrinks, o ngumuya ng lima hanggang anim na matigas na kendi o apat na glucose tablet, o ngumuya ng isang tube ng glucose gel



Suriin ang asukal sa dugo matapos ang 15 minuto. Kung mababa pa rin sa 70, dagdagan pa ang pagkain ng asukal. Kung patuloy pa rin ito, tumawag ng doktor.



Kumain ng snack sa loob nang 30 minuto.



Kapag nagkaroon ka ng dalawang beses na mababa sa kaparehong araw o tatlong beses na mababa sa isang linggo, konsultahin ang iyong doktor.

## Mga Sintoma ng Mataas na Asukal sa dugo (hyperglycemia)

Mga sanhi: Sobra sa pagkain, kulang sa gamot, sakit, operasyon, istres, pananakit, impeksyon o steroids.

Simula: Dahan-dahan. Maaaring tumuloy sa diabetic coma.

Asukal sa dugo: Mas mataas sa 180 mg/dl

### Mga Sintoma



Pakiramdam na  
Ibig Masuka



Pagka-  
antukin



Malabong  
Pangingin



Nanunuyong  
Balat



Gutom



Matinding Pagka-uhaw



Madalas na Pag-ihing

### Inirerekumandang Aksyon



Suriin ang iyong  
asukal sa dugo.



Kung mas mataas sa  
250 mg/dl ang asukal sa  
dugo sa loob ng dalawang  
araw, tumawag ng doktor.